


Sa katapusan ng kanyang unang sulat sa mga taga-Corinto, sinabi ni Pablo na gusto niyang makabalik doon at makita silang muli. Ngunit hindi siya nakabalik kayat labis na sumama ang kanilang loob.

May mga Kristiyanong mangangaral na gustong gawing Judio pa rin ang mga sasampalataya kay Kristo. Mga Judio ang mga ito na may "hilaw" na pananampalataya, at sila ang malimit na kailangang harapin ni Pablo pagkat hangad nilang "sulutin" ang kanyang awtoridad. Nagpadala si Pablo ng sugo na lubha namang nasaktan sa mga taga-Corinto. May ilang kasapi ng pamayanan na lantarang nagrerebelde laban sa apostol. Isang liham na "sinulat sa matinding pighati" (2:4) ang sagot ni Pablo, dito niya hinihinging sumunod ang pamayanan. Si Tito na isa sa mahuhusay na katuwang ni Pablo ang nagdala ng liham at maayos naman nitong natupad ang kanyang misyon. Sa pagbabalik ni Tito, nagkaroon ng katiyakan si Pablo, at ipinadala niya ang "ikalawang" sulat na ito sa mga taga-Corinto (na sa katunaya'y ikatlo o ikapat).

Ano ang nilalaman ng sulat na ito? Ang damdamin ni Pablo para sa mga taga-Corinto at ang pagdurusa niya dahil sa kakulangan nila ng pang-unawa. Hindi makapangungusap si Pablo tungkol sa kanyang sarili nang hindi siya nagsasalita tungkol kay Kristo. Punung-puno ng pag-ibig ni Kristo ang taong ito na walang kapahingahan sa hangad na siya ay mahalin at maunawaan. Kayat maging hinala man o pangaral ang kanyang sinasabi, nakapaloob ito sa mahusay na paglalahad tungkol sa pananampalataya. Sa pagsisikap niyang maipagtanggol ang sarili, naisulat niya ang pinakamagandang pahina tungkol sa pag-eebanghelyo at sa kahulugan ng pagiging *apostol* ni Kristo.

Mapapansin natin na may mga pahina ang sulat na ito na hindi talaga bahagi nito kundi mula sa iba pang mga sulat o paalala na ipinadala rin ni Pablo sa Iglesya sa Corinto: ang talataang 6:14-18 na malamang na nasulat bago ang Unang Sulat sa Mga Taga-Corinto, ang kabanata 9 (basahin ang paliwanag sa 9:1), at ang mga kabanata 10–13 na naglalaman ng malaking bahagi ng liham na "sinulat sa gitna ng matinding pighati" (basahin ang talata sa itaas).

**1** [1] Bati ni Pablo, apostol ni Kristo
Jesus dahil sa kalooban ng Diyos, at
ng kapatid na Timoteo.

Sa iglesya ng Diyos sa Corinto, at sa
lahat ng banal sa buong Acaya:
[2] Sumainyo ang kagandahang-loob at
kapayapaan mula sa Diyos na ating ama,
at sa Panginoong Jesucristo.

### Purihin ang Diyos, ang pinanggagalingan ng lahat ng awa

• [3] Purihin ang Diyos at Ama ni Jesu-
cristong Panginoon natin! Ama siya ng
Awa at Diyos ng lahat ng kaaliwan.
[4] Inaaliw niya tayo sa anumang kapig-
hatian natin upang bunga ng kaaliwang
ibinigay niya sa atin ay maaliw natin ang
mga nasa anumang kapighatian.
[5] Nag-uumapaw talaga sa amin ang
mga paghihirap ni Kristo ngunit ganoon
din nag-uumapaw ang aming kaaliwan
dahil kay Kristo. [6] Namimighati man kami,
alang-alang ito sa inyong kaaliwan at
pagkaligtas; naaaliw man kami, alang-
alang ito sa kaaliwang inyong daranasin
sa pagtitiyaga ninyo sa parehong mga
paghihirap na pinagtitiyagaan namin.
[7] Kaya matibay ang inaasahan namin para
sa inyo: kung paanong nakisali kayo sa
aming paghihirap, gayundin sa aming
kaaliwan.

[8] Mga kapatid, ibig naming malaman
ninyo ang kapighatiang sumapit sa amin
sa Asia. Lubhang napakabigat ng aming
pinasan kaya nawalan na kami ng pag-
asang mabuhay pa. [9] Ngunit nadama
namin ang ganitong hatol ng kamatayan
sa amin para huwag na kaming umasa sa
aming sarili, kundi sa Diyos na nagbaba-
ngon ng mga patay. [10] Iniligtas niya kami
sa napakalaking panganib na iyon at
patuloy pang ililigtas. Siya ang inaasahan
naming magliligtas sa amin, [11] sa tulong
ng panalangin ninyo alang-alang sa amin.
Kung magkagayon, marami ang magpa-
pasalamat para sa amin dahil sa kaloob
sa amin na ipinagdasal ng marami.

### Ang mga plano ni Pablo

• [12] Ito ang aming maipagmamalaki: Pi-
natutunayan ng aming budhi na kumilos
kaming may kabanalan at katapatan sa
daigdig na ito. Hindi ang pantaong karu-
nungan kundi ang biyaya ng Diyos ang
saligan ng aming pamumuhay lalo na sa
pakikitungo sa inyo. [13] Wala kaming ibang
ipinahihiwatig bukod sa isinulat sa inyo:
ang nabasa at naunawaan lamang ninyo.
[14] At inaasahan kong mauunawaan ninyo
nang lubusan ang nauunawaan na ninyo
nang bahagya na dapat ninyo kaming
ipagmalaki, kung paanong ipagmamalaki

---

• **1.**3 Para sa mga taga-Corintong nabubuhay nang maalwan, inilalarawan ni Pablo sa simula pa lamang ang kalagayan niya bilang apostol ni Kristo – gumagala, pinag-uusig at nagkakasakit. Ipinagmamalaki ng mga ito ang malaki nilang pamayanan kayat naghahanap sila ng magagaling na mangangaral (tulad ng makikita natin sa susunod) ngunit sa paghihirap naman ni Kristo nakikibahagi si Pablo. At iminumungkahi ni Pablo na pagsapit ng pagkakataon upang sila naman ang maghirap para sa Diyos saka nila malalaman ang aliw na galing sa Diyos.

Malimit na mababanggit ang salitang *aliw* sa sulat na ito. Hindi masisiyahan ang Diyos na tanging pagpapailalim lamang sa kanyang kalooban ang ituro sa atin: karanasan ng pamamalagi ng Diyos ang *aliw* o *ginhawang* ito na sa isang banda ay nakasalalay rin sa mga tanda na nagpapatunay na kumikilos nga siya sa atin. Magkasama ang dalawang ito. Sinabi sa atin ni Jesus na humiling tayo upang sagutin tayo ng Diyos at sa pagsagot naman niyang ito bubukal ang ating kagalakan (Jn 15:24). Hindi inaalis sa atin ng Diyos ang mga pagsubok kundi binibigyan niya tayo ng lakas at tiyaga upang mapagtagumpayan ang mga ito.

• 12. Hindi nagustuhan ng mga taga-Corinto ang ginawang pagpapaliban ni Pablo sa ipinangako niyang pagdalaw sa kanila. Kayat napilitan siyang sabihin sa kanila na wala na siya sa yugto ng pag-aapostoladong base sa balak ng tao. Tao siya ng Espiritu at kaiba sa gawa ng marami ang kanyang pagpapasya. Ang Espiritung sumasakanya ang nagpapaging-husto sa kanyang mga desisyon at alam niyang hindi siya nag-iisa. Hindi siya maitutulak magpasya tulad ng iba o babawiin kaya ang nagawang pasya dahil hindi tiyak ang sarili.

*Nakay Kristo ang "oo" sa lahat ng pangako ng Diyos* (20). Tinotoo ng Diyos ang kanyang mga pangako nang ipadala niya sa piling natin ang kanyang

namin kayo sa araw ng Panginoong Jesus.

[15] Inaasahan kong bigyan kayo ng dalawang biyaya, kaya binalak ko munang puntahan kayo, [16] at mula riyan ay pumunta sa Macedonia. Babalik sana ako sa inyo mula sa Macedonia at masusugo sana ninyo ako papuntang Judea. [17] Nagplano ba ako nang basta na lamang? O pagpapasya lamang ng tao ang aking pagpapasya kayat pareho lang sa akin ang *Oo* at *Hindi?*

[18] Tapat ang Diyos! Alam niyang hindi *Oo* at *Hindi* ang aming pananalita. [19] Hindi nga *Oo* at *Hindi* si Jesucristo, ang anak ng Diyos na ipinangaral namin nina Silas at Timoteo. Sa halip, isang *Oo* ang pinatunayan sa kanya. [20] Isipin ninyo ang lahat ng pangako ng Diyos: na kay Kristo ang *Oo* sa mga iyon. Ito ang dahilan kayat sa ngalan ni Kristo, nakasasagot tayo ng "Amen" para sa ikaluluwalhati ng Diyos. [21] Ang humirang sa atin at nagpapatibay sa amin kasama ninyo papunta kay Kristo ay ang Diyos [22] na nagtatak din sa atin at nagkaloob sa kaibuturan natin ng Espiritu bilang garantiya ng lahat ng iba pa.

**Tinutukoy ni Pablo ang isang kahihiyan**

• [23] Alam ng Diyos, at nanunumpa ako sa aking buhay, na sa awa ko sa inyo'y hindi ako nagbalik sa Corinto. [24] Hindi nga ang pagsupil sa inyong pananampalataya ang pakay namin, kundi ang pagbibigay sa inyo ng galak. Alam naming matatag na kayo.

**2** [1] Kaya ipinasya kong huwag pumunta sa inyo kung dala kong muli ang kalungkutan. [2] Kung palulumbayin ko kayo, sino pa ang aaliw sa akin maliban sa inyong pinalungkot ko? [3] Ito ang isinulat ko: "Huwag sana akong palungkutin pagdating ko ng mga dapat magpaligaya sa akin. Natitiyak kong magiging galak ninyong lahat ang aking galak."

[4] Sa gitna ng matinding kapighatian at bagabag ako sumulat, nang may maraming luha. Hindi ko nais na palungkutin kayo kundi ipaalam sa inyo ang laki ng pagmamahal ko sa inyo.

[5] Kung may nagpalungkot sa akin, hindi talaga ako ang pinalungkot niya kundi kayong lahat – huwag sana akong magpalabis. [6] Sapat na sa kanya ang

---

Anak. Ngunit ang kalooban din lamang ng Ama ang ginawa ni Kristo. Kayat isang "oo" ng pagsang-ayon sa balak ng Ama si Kristo. At mula rito'y sinasabi ni Pablo ang kahulugan nito para sa mga Kristiyano. Sa binyag, ibinibigay natin ang ating unang "oo" kay Kristo. At sa bawat eukaristiya, inuulit natin ang ating "oo." *Oo, totoo nga* ang ibig sabihin ng *amen* na sinasabi natin sa ating mga panalangin. Kasalanan naman ang kabaligtaran ng lahat ng ito na siyang pag*hindi* natin kay Kristo.

*Nagkaloob ng Espiritu bilang garantiya* (22). *Ibinigay niya sa atin ang unang bayad ng Espiritu* ang literal na sinasabi ni Pablo. Basahin ang paliwanag sa Efeso 1:14.

• 23. Binabanggit dito ni Pablo ang tungkol sa sinundang liham ng sulat na ito at ang isa pa na nabanggit sa panimula. Nakapaloob marahil sa mga kabanata 10–13 ng "ikalawang sulat" na ito ang naunang liham. *Ayaw kong ako ang makapangyari sa inyong pananampalataya* (1:24): basahin ang 10:5-6. *Harinawang pagdating ko'y di ako malungkot* (2:3): basahin ang 12:21.

Ginagamit dito ni Pablo ang larawan ng tagumpay ng mga heneral ng mga Romano. Kaladkad ng kanilang mga karwaheng-pandigma ang mga bihag na papatayin pagkatapos. "Bihag ni Kristo" (Ef 4:1) ang tingin ni Pablo sa kanyang sarili. Kinuha siya ni Jesus sa dahas (1 Cor 9:16) nang gawin niya siyang apostol. Unawain natin ang mga pananalitang ito tulad ng nangyari kay Jeremias (20:7). Daan tungo sa mas mataas na antas ng kalayaan ang di-matatanggihang tawag na ito ng Diyos.

Panahon ng pag-aalay ng maraming insenso ang tagumpay: ang pabango ang tanda ng papuri sa taong pinararangalan na parang diyos, at tanda naman ng kamatayan para mga bihag na naroon. Ang paghahambing na ito ang nagbigay-daan kay Pablo para sabihing "alingasaw ng kamatayan" (16). Hinahati ng ebanghelyo ang mga tao. Kahit na hindi sila gaanong pumapasok sa misteryong ito, may pang-amoy pa rin sa "amoy" na ito ng pamumuhay-Kristiyano. Namamalayan ng iba ang mga hinihingi ng buhay-Kristiyano na para sa kanila'y isang klase ng *pagkamatay.* Ang iba nama'y nananaglihi sa mahiwagang puwersang nagbibigay-lakas sa mga Kristiyano sa panahon ng pagsubok at nagpapaunawa sa kanilang naroon ang *buhay.*

*Sino ang marapat sa gayong gawain?* Sa pagkakita nito, nararamdaman ni Pablo na hindi niya kaya ang

parusang itinakda ng karamihan sa inyo.
7 Patawarin na ninyo siya at aliwin at baka
siya maigupo ng labis na kalungkutan.
8 Kaya hinihingi ko sa inyong mahalin
ninyo siya.

9 Sa katunayan, sumulat ako upang
malaman ang inyong katapatan at kung
handa kayong sumunod nang lubusan.
10 Sinumang patawarin ninyo ay pinatata-
wad ko rin. At ang pinatawad ko – kung
mayroon man – ay pinatatawad ko dahil
sa inyo sa harap ni Kristo 11 upang huwag
tayong mapaglalangan ni Satanas. Hindi
lingid sa atin ang kanyang pamamaraan.

**Tayo ang bango ni Kristo**

12 Kaya pinuntahan ko ang Troas dahil
sa ebanghelyo ni Kristo at pinagbuksan
ako ng Panginoon ng pinto. 13 Gayunman,
hindi mapalagay ang loob ko sa di ko
pagkakita sa kapatid kong si Tito. Kaya
nagpaalam na ako sa mga tagaroon at
pumunta sa Macedonia.

14 Ngunit salamat sa Diyos na laging
sumasama sa atin sa parada ng pagta-
tagumpay ni Kristo, at sa pamamagitan
natin ay kumakalat sa lahat ng dako ang
bango ng pagkilala sa kanya. 15 Bango
tayo ni Kristo para sa Diyos, na sama-
samang naaamoy ng mga naliligtas at
napapahamak. 16 Alingasaw ng kamata-
yan tayo sa ilan na papunta sa kama-
tayan; bango ng buhay naman sa mga
ibang papunta sa buhay. Sino talaga ang
karapat-dapat sa gayong gawain?

17 Hindi kami tulad ng maraming kuma-
kalakal sa salita ng Diyos. Sa halip, nag-
sasalita kami nang matapat at nagpa-
pahayag na si Kristo ay sugo ng Diyos at
nasa harapan niya.

**Ang malaking karangalan ng mga lingkod ni Kristo**

**3** • 1 Muli ko bang sinisimulang puri-
hin ang aking sarili? Kailangan pa
ba namin, tulad ng ilan, ang liham ng
pagpapakilala para sa inyo o mula sa
inyo? 2 Kayo mismo ang sulat na dala
namin sa aming puso; at nalalaman at
nababasa naman iyon ng lahat. 3 Malinaw
na kayo'y isang liham ni Kristo na
isinagawa namin at nasulat hindi ng tinta

---

kanyang gawain. Hangad niyang makilala ng lahat si Kristo at ang ningning ng pag-ibig nito sa kanya pero ni sa kalingkinga'y wala pa siya rito! Pero ni hindi ito naiisip ng mga huwad na apostol na walang ibang gusto kundi lumitaw na magaling at *pagkaperahan ang salita ng Diyos* sa paglilingid sa mga hinihingi nito. Tanyag ang gayong mga apostol at walang umuusig sa kanila.

• **3.**1 *May mga sulat ng rekomendasyon* mula sa ibang pamayanan o sa ilang apostol ang mga nangangaral na salungat kay Pablo. Sariling awtoridad naman ang pinanghahawakan ni Pablo at wala siyang sinumang pinagkakautangan. Si Kristo mismo ang humirang sa kanya na maging apostol tulad ng kanyang sinabi.

Nang panahong iyon, labis-labis ang paggalang at pagpaparangal ng mga pagano sa kanilang mga pari, at gayon din ang mga Judio. Binibigyang-diin sa kabuuan ng biblia ang dangal ng pagtuturo sa Batas ng Diyos, lalo na ang natatanging papel ni Moises na siyang tumanggap ng Batas mula sa Diyos sa Sinai. Ngunit dakila pa sa mga ito ang apostol.

*Lalo nang maluwalhati ang paglilingkod na naghahatid ng kabanalan.* Gaya ng sinabi ni Pablo sa Roma 7:1-13, walang malaking naitulong sa mga tao ang pagtuturo lamang ng Batas tulad ng ginawa ng mga pari ng mga Judio. Sapagkat dahil makasalanan sila, hindi nila iyon sinusunod kayat tama lamang na parusahan sila. Inihahatid naman ni Pablo ang Kristiyano sa buhay na pakikipag-ugnayan kay Kristo at sa kanyang Espiritu upang makibahagi sila sa buhay ng Kristong nabuhay. May mahalagang papel na ginagampanan ang mga apostol at mga minister ng Iglesya kung nakakatulong ang kanilang mga salita at gawa sa pagpapatatag sa mga tao.

Tinutukoy ni Pablo sa mga b. 7-13 ang mga tradisyong matatagpuan sa Aklat ng Exodo (Ex 34:29-35). Binibigyang-diin ng mga ito ang luwalhati ni Moises pero binabanggit naman ni Pablo ang mga ito para patunayang mas mataas ang mga apostol ni Kristo. Sinabi ni Pablo na nagniningning ang mukha ni Moises pagkakatapos ng pakikipagtagpo niya sa Diyos pero idinudugtong din niya na hindi iyon nagtagal. Tinatakluban ni Moises ang kanyang mukha dahil napakaningning nito pero sinasabi ni Pablo na kapag kailangan pang gumamit ng talukbong, hindi pa lubos ang pagpapakilala ng Diyos.

Pinalilitaw ni Pablo ang kabulagan ng mga Judio sa di nila pagkilala kay Kristo bilang pangakong Tagapagligtas. Nawala sa kanila ang pinakasusi sa kanilang kasaysayan at para sa kanila'y nananatiling

kundi ng Espiritu ng Diyos na buhay, hindi sa mga tapyas na bato kundi sa mga pusong laman.

4 Ganito ang aming katiyakan sa harap ng Diyos, dahil kay Kristo. 5 Wala sa amin ang kakayahan at walang naiisip na galing sa aming sarili, kundi mula sa Diyos ang kakayahan namin. 6 Siya ang nagpapangasiwa sa amin sa bagong tipan – hindi sa bisa ng sulat kundi ng Espiritu. Pumapatay ang sulat; ang Espiritu nama'y nagbibigay ng buhay.

7 Ang pangangasiwa ng nakasulat sa mga tapyas ng bato ay nagdulot ng kamatayan. Gayunpaman, niluwalhati iyon at hindi makatitig ang mga Israelita sa mukha ni Moises: Kaytindi ng lumilipas na kaningningang iyon! 8 Hindi kaya lalong maningning ang pangangasiwa ng Espiritu? 9 Kung maluwalhati ang pangangasiwang nagdadala ng hatol, lalong masagana ang luwalhati ng pangangasiwang nagdadala ng kabanalan. 10 Masasabing hindi na maluwalhati ang pagluwalhating iyon, kung ihahambing sa matinding luwalhating ito. 11 Dumaraan sa luwalhati ang lumilipas; nasa luwalhati naman ang nananatili.

**Ang takip sa mukha ni Moises**

12 Buo ang aming loob bunga ng ganitong pag-asa, 13 di-katulad ni Moises *na nagtakip ng mukha* at baka makita ng mga Israelita ang lumilipas niyang kaningningan.

14 Ngunit mapurol ang kanilang isip. Hanggang ngayon ay humahadlang ang takip na iyon sa pagkaunawa sa lumang tipan at hindi pa naipakikita sa kanila na kay Kristo lamang maaalis ang takip. 15 Hanggang ngayon ay nananatili ang takip sa kanilang isip sa pagbasa nila kay Moises. 16 Ngunit sa *panunumbalik* ng tao *sa Panginoon, aalisan siya ng takip.* 17 Ang Panginoon ay espiritu, at kung saan ang Espiritu ng Panginoon, naroon ang kalayaan.

18 Kaya maging larawan tayo ng luwalhati ng Panginoon nang walang takip sa ating mukha at anyuin natin ang kanyang larawan patungo sa higit pang kaluwalhatian – sa bisa ng Panginoong-espiritu.

**Dala namin ang kayamanang ito sa sisidlang-putik**

**4** • 1 Sa awa namin natanggap ang ganitong pangangasiwa, kaya ayaw namin ng mga lihim na kahiya-hiya; walang pakana sa aming gawi, o pagpapalsipika sa salita ng Diyos. 2 Sa halip, sa pagpapahayag sa katotohana'y ipinagka-

nakasara ang biblia hanggang buksan sa kanila ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo ang tunay na kahulugan nito (Lc 24:27; Pag 5:1). Kailangang maintindihan ang buo nilang kasaysayan bilang misteryo ng kamatayan at pagkabuhay. Upang makapasok sila sa bagong Pagtitipang ito, kailangan nilang patuluyin at tanggapin si Kristo nang di isinasaalang-alang ang sarili nilang mga pribilehiyo at maging mga alagad kasama ng iba pang mga bansa.

*Di katulad ni Moises* (13). Napaka-tapang na pahayag! Si Moises ang nagtatag ng sambayanan ng mga Judio at siyang kataas-taasang awtoridad ng biblia. Ngunit totoo ngang nasasalamin nang walang talukbong sa mukha kahit na sa pinakaordinaryong Kristiyano ang luwalhati ng Panginoon. Liwanag ni Kristo ang Kristiyano at noong unang panahon, "ang naliwanagan" ang tawag sa mga binyagan.

*Espiritu ang Panginoon.* Dalawang beses itong sinasabi ni Pablo sa b. 17 at 18. Hindi niya ipinagkakamali ang Panginoon, si Kristo, sa Espiritu Santo kundi ang mga salitang *espiritu* at *Espiritu* ang kanyang pinaglalaruan. Inaalala niyang higit pa sa unang yugto ng pagsampalataya (ito ang tinatawag na *letra* ni Pablo) ang nahahayon ng *bumabaling sa Panginoon* (16). Sa yugtong iyon niya natatagpuan ang Diyos sa pamamagitan ng mga batas at mga kaugalian. Ngunit pumapasok siya sa hustong gulang ng buhay ng espiritu. At sa yugtong ito, sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, nakikilala natin ang ating sarili at pinakikitunguhan natin ang Diyos bilang mga anak at mga taong malaya. Para kay Pablo, pagtanggap sa Espiritu at pagsang-ayon sa "espiritu" ang pagkatagpo sa Panginoon (basahin ang Rom 2:29).

• **4.1** Tingnan natin kung ano ang apostol ayon kay Pablo:
– hindi kami nasisiraan ng loob;

kapuri namin ang aming sarili sa harap ng
Diyos sa kaninumang may konsiyensya.

3 Kung malabo ang aming ebanghelyo,
malabo lang iyon sa mga napapahamak –
4 ang mga ayaw maniwala. Binulag ng
diyos ng mundong ito ang kanilang isip
para huwag nilang makita ang pag-
liwanag ng maluwalhating ebanghelyo ni
Kristo na siyang larawan ng Diyos. 5 Hindi
nga ang aming sarili ang ipinangangaral
namin kundi si Jesucristo na siyang
Panginoon; at mga lingkod naman ninyo
kami alang-alang sa kanya. 6 Ang Diyos
na nagsabing: *Magkaroon ng liwanag,*
siya ang nagbigay-liwanag sa aming mga
puso nang magningning ang maluwalha-
ting kaalaman sa Diyos na nasa katauhan
ni Kristo.

7 Dala naman namin ang kayamanang
ito sa sisidlang-putik upang ipakitang sa
Diyos ang sukdulang kayamanang ito at
hindi sa amin. 8 Lagi kaming namimighati
ngunit hindi nalulupig; wala kaming ma-
lusutan ngunit di nawawalan ng pag-asa.
9 Inuusig kami ngunit di napapabayaan;
naibubuwal kami ngunit hindi naigugupo.
10 Lagi naming dala sa aming katawan ang
kamatayan ni Jesus upang ipakita rin sa
aming katawan ang kanyang buhay.
11 Dapat ngang kami, na mga nabubuhay,
ay laging mabingit sa kamatayan alang-
alang kay Jesus upang ipakita ang buhay
ni Jesus sa aming katauhang namamatay.
12 Sa gayon, gumagawa sa amin ang ka-
matayan, at sa inyo naman ay buhay.

13 Taglay din namin ang kaloob na
pananampalataya ng sumulat: *Sumam-
palataya ako kaya ako nagsalita.*
Sumasampalataya din kami, kaya kami
nagsasalita. 14 Alam naming ang bumu-
hay sa Panginoong Jesus ay siya ring
bubuhay sa aming kasama ni Jesus at
dadalhin niya kaming kasama ninyo sa
kanyang harap. 15 Sa ikabubuti ninyo ang
lahat ng ito. Pinasasagana ng Diyos ang
kaloob niya para pasaganain ng marami
ang pagpapasalamat para sa kalu-
walhatian ng Diyos.

**Nananabik tayo sa ating makalangit na tirahan**

• 16 Kaya hindi kami pinanghihinaan ng
loob. Patuloy mang nasisira ang panlabas
na sarili namin, nababago naman araw-

---

– hindi kami nambobola ni pinapalsipika namin ang mensahe ng Diyos;
– masahol pa kami sa inyong mga utusan;
– madidiskubre sa amin ng bawat isa ang luwalhati ng Diyos na nag-ningning sa mukha ni Kristo;
– taglay namin ang pagkamatay ni Kristo upang mabunyag sa amin ang kanyang buhay;
– sumasampalataya kami kaya kami nagsasalita.

*Dala namin ang yamang ito sa sisidlang-putik* (7). Kadalasa'y mapupurol na instrumento ang ginagamit ng Diyos upang isakatuparan ang kanyang mga plano. Para sa isang taong bukas sa tawag at pagkilos ng Diyos, makagagawa siya ng mga dakilang bagay sa kabila ng lahat niyang kahinaan at pagkukulang.

*Laging nasa bingit ng kamatayan* (11). Kailangang mamatay ang apostol upang mabuhay ang kanyang gawa. Pagkakatapos ng isang mabuting gawa sa isang bahagi ng iglesya, may sumasapit na oras ng pag-uusig o pagsunod sa mga pinuno na hindi natin matanggihan ang awtoridad, kahit na hindi sila makatarungan o sila mismo ang mali. Walang ibinabangon at binubuhay nang hindi muna namamatay.

• 16. Katatapos lamang ipahayag na muli ni Pablo ang kanyang pananampalataya. Ipinagtatapat niya ang kanyang nararamdaman sa pagharap niya sa napakaraming panganib at sagabal.

*Ang panlabas na sarili... ang aming kalooban* (16). Sa dalawang katagang ito, inilalahad ni Pablo ang gaya ng tinalakay niya sa Rom 8:10-11. Doon niya pinagtatapat ang "laman" at "espiritu" na dito nama'y *ang panlabas* at *ang kalooban*. Ngunit ibinubunyag niya sa pagkakataong ito ang kakaibang karanasan niyang ito: na namamalagi pala ang Diyos sa kanyang sarili at patuloy itong lumalakas kasabay ng mabilis na pagsaid sa sarili.

Kayat tatagal kaya si Pablo para makita ang pagbabalik ni Kristo na kanyang inaasahan noong una (1 Tes 4:15)? Malaki ang kanyang pag-asang mababalutan ng maluwalhati niyang katawan ang *kanyang tolda sa lupa* (5:21, basahin ang 1 Cor 15:52)! Pero nag-aalinlangan na siya ngayon: sa araw-araw ay nakikita niya na malamang ngang mamamatay siya – mabigat ito para sa kanya – at makikiisa sa kapalaran ng mga kailangang *maghubad ng damit* na kanilang laman at hintayin ang pagkabuhay.

Ngunit wala siyang alinlangan na sa kamatayan sila magtatagpo ni Kristo: ihambing ang 5:8 sa Fil 1:23 at Pag 14:13. Hindi tumitigil ang pag-iral, gaya ng sabi ng ilan, hanggang sa araw ng ating pagkabuhay.

araw ang aming panloob na sarili.
17 Nagbubunga ang magaan at pananda-
liang kapighatian namin ng walang
hanggang yaman ng kaluwalhatian, na
walang kasukat. 18 Kaya hindi na kami
tumitingin sa mga nakikitang bagay,
kundi sa di-nakikita. Panandalian lamang
ang nakikita ngunit walang hanggan ang
di-nakikita.

5 1 Alam namin na pag nasira ang
aming makalupang tirahan, na isang
tolda lamang, maaasahan namin sa Diyos
ang gusali, ang isang walang-hanggang
tirahan sa langit na di-gawa ng tao. 2 Kaya
dumaraing tayo at nananabik na mapa-
tungan sana ng makalangit na tirahan ang
makalupa. 3 (Ngunit, sigurado bang naka-
bihis pa kami ng makalupa? Baka nahu-
baran na kami nito.)
4 Kaya dumaraing tayong nasa toldang
ito at nabibigatan. Gusto sana nating
huwag hubarin muna itong makalupa
kundi patungan ng makalangit, at
lamunin ng buhay ang may kamatayan.
5 Ganito ang itinakda para sa atin ng Diyos
na nagbigay sa atin ng kanyang Espiritu
bilang garantiya ng lahat ng iba pa.
6 Kaya laging malakas ang aming loob.
Alam naming habang tirahan namin ang
katawan, malayo tayo sa Panginoon.
7 Pananampalataya ang ating pamu-
muhay, hindi pagtingin. 8 Kaya malakas
ang aming loob. Gusto pa naming maalis
na sa katawan upang mapasatirahang
kasama ng Panginoon 9 at pinahahala-
gahan namin ang pagbibigay-kasiyahan
sa kanya, manirahan man kami sa kata-
wan o makaalis dito. 10 Pagkat dapat ta-
yong lahat dalhin sa liwanag sa hukuman
ni Kristo upang tanggapin ng bawat isa
ang bayad sa mga ginawa niya habang
nasa katawan, maging mabuti man o ma-
sama.

**Ipinahahayag namin ang mensahe ng pagkakasundo**

• 11 Alam namin kung ano ang pagka-
takot sa Diyos, kaya sinisikap naming
hikayatin ang mga tao nang may bukas
na kalooban sa Diyos. At inaasahan kong
alam din ninyo sa inyong kalooban kung
sino kami. 12 Hindi ko sinisimulang muling
purihin ang aking sarili, kundi gusto kong
bigyan kayo ng katwirang maipagmalaki
kami at nang masagot ninyo ang mga
taong ipinagmamalaki ang anyo at hindi
ang puso. 13 Kung kahangalan ang sinabi
namin, marinig nawa ng Diyos lamang;
kung katalinuhan naman, pakinggan
ninyo.
14 Sumasakop nga sa amin ang pag-
ibig ni Kristo. Nauunawaan naming siya'y
namatay mag-isa para sa lahat kaya
namatay ang lahat. 15 Namatay siya para
sa lahat upang ang mga nabubuhay ay
huwag nang mabuhay para sa sarili, kundi
para sa kanya na namatay at muling

---

*Laging malakas ang aming loob* (6). Hindi mapapawi ng anumang tatag ng pananampalataya ang takot sa kamatayan. At maaari pa nga itong palalain nito. Kakaibang paghihirap ang naranasan ni Jesus bago siya dinakip noon. Ngunit pansamantala lamang ang pagsubok na ito at pinatatatag tayo ng pananampalataya sapagkat "Sino'ng makapaghi-hiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos?" (Rom 8:35-39).

• **5.**11 May iba't ibang paraan ng pag-intindi sa pananampalataya. Para sa bawat isa sa atin, may bahagi ng buhay-Kristiyano na mas mabigat ang dating sa atin. Dakilang tagapaghatid at tagalikha ng pakikipag-balikan ang tingin ni Pablo kay Kristo.

Sa pagkamatay ni Kristo, isang bagong panahon para sa nagkawatak-watak na sangkatauhan ang nagsimula – ito ang paniwala ni Pablo. *Kung namatay siya para sa lahat, namatay ang lahat,* ibig sabihi'y nahigitan at nalampasan ang lahat ng kasaysayan at karunungan ng tao bago siya dumating at ngayo'y gumagawa ang Diyos sa atin sa ibang mga paraan.

*Hindi na namin tinitingnan ang sinuman ayon sa laman* (16). Ang nasa kanyang kalooban ang ipinagtatapat ni Pablo. Mahal siya ng mga taong malapit sa kanya kahit na pinahihirapan nila siya. May kanya-kanyang mga kaibigan ang bawat isa sa Iglesya, mga kaibigang maaasahan. Mahal nga silang lahat ni Pablo pero hindi gaya ng kanilang pagmamahal. Iba ang pagtingin niya sa mga tao at hindi ito ayon sa panlabas na anyo ng magagaling na tagapagsalita (b. 12) tulad ng marami sa mga taga-Corinto. Naging mabisa siya sa kanyang gawain dahil pag-aari siya ni

nabuhay para sa kanila. 16 Kaya mula
ngayon, hindi na namin tinitingnan ang
sinuman sa pantaong pamamaraan. At
kung isa pa ako sa mga nakakilala kay
Kristo sa pantaong pamamaraan, huwag
na ngayon.
17 Kaya kung na kay Kristo ang sinu-
man, bagong nilalang na siya. Lumipas na
ang dati at nangyari na ang bagong
daigdig. 18 Lahat ng ito ay gawa ng Diyos
na nagpapagkasundo sa atin sa kanya
kay Kristo at nagkaloob naman sa amin
ng pangangasiwa ng pagkakasundo.
19 Pagkat Diyos mismo ang nagpapag-
kasundo sa sanlibutan sa kanya sa kata-
uhan ni Kristo at hindi na isinaalang-alang
ang kanilang mga kasalanan. At inilagay
niya sa amin ang mensahe ng pagka-
kasundo.
20 Mga embahador kami sa ngalan ni
Kristo na wari bang ang Diyos ay tu-
matawag sa inyo sa aming bibig. Kaya
hayaang papagkasunduin kayo sa Diyos:
ito ang aming pakiusap sa inyo sa ngalan
ni Kristo. 21 Wala man siyang kasalanan,
ginawa siya ng Diyos na parang kasala-
nan nang ariin natin sa kanya ang kaba-
nalang maka-Diyos.

6 1 Bilang katulong ng Diyos, ipina-
mamanhik namin sa inyong huwag
aksayahin ang kagandahang-loob ng
Diyos. 2 Sabi niya: *Sa angkop na panahon
pinakinggan kita; sa araw ng pagliligtas
kita'y sinaklolohan.*"
Heto ngayon ang angkop na panahon.
Ngayon ang araw ng kaligtasan.

**Mga pagsubok ng apostol**

• 3 Huwag sana kaming maglagay ng
hadlang kaninuman para hindi mapulaan
ang aming paglilingkod. 4 Sa halip, lagi

---

Kristo. Mahal niya sila tulad ng pagmamahal sa kanila ng Diyos at ayon sa gusto sa kanila ng Diyos.

*Kahit na nakilala namin si Kristo ayon sa laman* (16). Tiyak na nakikita niya si Kristo hindi bilang isang mangangaral na taga-Galilea sa loob ng buhay at kasaysayan ng mga Judio kundi bilang siyang nakapangyayari sa kasaysayan. Tinutukoy rin niya ang ilan sa kanyang mga katunggali na nag-aakalang mas magaling sila kaysa kanya dahil nakasama nila si Jesus o dahil kamag-anak nila siya. Sinasabi niya sa kanila: "dapat natin" (ibig sabihi'y "dapat ninyo") ngayong makita siya sa ibang paraan: huwag n'yo siyang tingnan bilang pinsan!

*Kung nakay Kristo ang sinuman, bagong nilalang siya* (17). Una, dahil para sa kanya'y wala na ang mga harang na naghahati at naghihiwalay sa mga tao (basahin ang Gal 3:27; Ef 2:14-16). At sapagkat hindi na mga pantaong pagnanasa ang pumapatnubay sa kanya kundi ang Espiritu ng Diyos na bumabago sa kanya sa bawat sandali (Gal 5:13-21).

*Kay Kristo, ipinakikipagbalikan ng Diyos ang daigdig sa kanyang sarili* (19). Gustong sabihin ng marami na pag-ibig si Jesus. Totoo nga pero alalahanin natin na sagot niya ang pag-ibig na ito sa pag-ibig ng Ama, at kalooban ng Ama ang ipakipag-balikan tayo sa kanya. Isaisantabi na natin ang pag-aakalang galit ang Diyos kayat sinikap ni Jesus na mapaglubag ang loob nito (Rm 3:25).

*Ibinigay niya sa amin ang paglilingkod ng pakikipagbalikan* (18). Hindi sa pag-awit ng mga papuri sa Diyos ang kasiyahan ng mga Kristiyano, at hindi rin isang magandang pamayanan ang kanilang pinakamimithi. Ginagampanan nila ang kanilang bahagi sa gawain ng pagdaigdigang pakikipagbalikan, at nakapaloob dito ang pagtatakwil sa pang-aapi at kasalanan, at ang pagsisikap na mapagtagumpayan ang mga ito. Marami ang sinasabi ngayon ng Iglesya tungkol sa bagay na ito upang mas maunawaan natin ang ating misyon sa daigdig at sa mga hidwaa't mga problemang sumisira sa ating mga bansa.

*Mga embahador kami sa ngalan ni Kristo* (20). Hindi lamang ito para sa mga apostol at kay Pablo. Para sa atin din ito, kapag dinadalaw natin ang mga maysakit at nangangailangan, kapag naiisaisantabi natin ang ating mga paghihinala sa paglapit natin sa ating mga kapatid upang magkaroon ng pagkakapalagayang-loob, kapag sinisikap nating maging kapatid ng mga taong sara at sumasarili sa kanilang mga problema.

*Wala siyang kasalanang alam* (21). Sinasabi ni Pablo: "Ginawa siyang kasalanan, siyang walang kasalanang alam." Nagsasalita si Pablo ayon sa takbo ng isip ng mga Hebreo, at kapwa ang kasalanan at ang biktimang nagpapasan sa sala ang ibig sabihin ng iisang salita. Ginugunita ni Pablo ang misteryo ng krus: hindi nagaganap ang pakikipagbalikan nang walang kusang-loob na nag-aalay ng kanilang sarili at magpapasan sa pagkamuhi at sala ng tao.

• **6.**3. Ito ang natatanging tanda ng apostol ni Kristo: ibang-iba ang yamang ipinagkatiwala sa kanya para sa kanyang kapwa kaysa kanyang buhay na walang sinumang may gusto. Tanda siya ng kontradiksyon tulad ni Jesus. Inaalaala ni Pablo ang mga kailangan niyang pagtiisan pero hindi niya ipinagkakaila ang kanyang ipinagmamalaki at

naming pinatutunayang mga lingkod ng Diyos kami sa katatagan namin. Marami ang kapighatian, ang tiisin, ang kahirapan. 5 Hinahagupit kami at nabibilanggo; nararanasan namin ang gulo, ang kapaguran, ang di pagtulog, at pagkagutom.

6 Nakikita sa amin ang kalinisan, kaalaman, pasensiya, kabutihang-loob at Espiritu Santo, tapat na pag-ibig, 7 tapat na pananalita at kapangyarihan ng Diyos. Ginagamit namin ang banal na sandatang panlaban at pananggalang.

8 Kung minsan, binibigyang-dangal kami, at saka sinisiraang-puri, hinahamak at pinupuri. Itinuturing na nagpapanggap kahit tapat, 9 di kilala kahit kilalang-kilala, naghihingalo: at buhay kami talaga! Pinahihirapan kami at hindi namamatay, 10 namimighati ngunit laging nagagalak; mga dukha kami na pinayayaman ang marami; walang-wala kami ngunit taglay ang lahat.

11 Tapatan kaming nagsalita, mga taga-Corinto, at ibinukas namin sa inyo ang aming loob. 12 Bukas na bukas ang aking puso para sa inyo, pinakikipot naman ninyo ang inyong puso. 13 Suklian ninyo ako nang tama: nagsasalita ako sa inyo bilang ama, magbukas din kayo sa akin ng inyong puso.

**Huwag makipagkasundo sa kasamaan**

• 14 Huwag kayong makipagtipon sa mga di-mananampalataya. Puwede bang makisali ang kalikuan sa katwiran? Puwede bang makipag-isa ang liwanag sa kadiliman? 15 Puwede bang magkatugma si Kristo at si Satanas? At paano magkakasundo ang sumasampalataya at ang hindi? 16 Tatanggap ba ang templo ng Diyos ng mga diyus-diyusan? Templo nga tayo ng Diyos na buhay. Sinabi ng Diyos: *Mananahan ako at mamumuhay sa piling nila. Ako ang magiging Diyos nila at sila ang aking bayan.*

17 *Kaya lumayo kayo sa kanila at humiwalay, sabi ng Panginoon. Huwag kayong hihipo ng anumang bagay na marumi* 18 *at tatanggapin ko kayo. Ako ang magiging inyong Ama at kayo ang magiging anak ko, sabi ng Panginoong May-ari ng lahat.*

**7** 1 Ganito ang mga pangakong tinanggap natin, mga minamahal, kaya linisin natin ang ating sarili sa anumang pintas sa katawan at espiritu habang gumaganap tayo sa gawa ng kabanalan sa pagkatakot sa Diyos.

**Bigyan ninyo kami ng puwang sa inyong puso**

• 2 Tanggapin ninyo kami sa inyong puso. Wala kaming pininsala, walang sinumang inagawan o dinaya. 3 Hindi ko kayo hinahatulan; nasabi ko nang nasa puso namin kayo at handa kaming makisama sa inyo sa buhay at kama-

---

pinaniniwalaan: wala kaming anuman pero pinayayaman namin ang marami.

Nagpapatuloy sa 7:2-16 ang magandang panawagan sa mga bersikulo 11-13. Doon mababasa ang paliwanag tungkol dito.

• 14. Pinuputol ng talataang ito ang daloy ng paglalahad ng 6:13 na ipinagpapatuloy sa 7:2. Ano ang ibig sabihin ng biglaang paanyayang ito na huwag magkaroon ng anumang kinalaman sa masasama?

Sa "unang" sulat ni Pablo sa mga taga-Corinto (1 Cor 5:9), ipinaalala ni Pablo ang unang mensahe kung saan niya sinabi sa kanilang huwag makisalamuha sa mga taong imoral. Maaaring galing sa mensaheng iyon ang talataang ito na isiningit naman dito ng kung sino. At ipinapaliwanag mismo ni Pablo kung paano natin dapat intindihin ito sa pagsasabing "Hindi ko sinabi sa inyong layuan ninyo ang mga makasalanan sa mundong ito (kung magkagayo'y kailangan kayong umalis sa mundong ito) kundi ang mga mananampalatayang bumalik sa mga paganong kaugalian nila" (1 Cor 5:10).

• **7.**2 *Tanggapin n'yo kami sa inyong puso.* Muling nalalahad dito ang damdamin ni Pablo. Nagdaramdam din si Pablo, ang misyonerong walang-pagod na kailanma'y di nanghina o nasiraan ng loob. Inaalaala rito ni Pablo ang pangyayaring binanggit natin sa introduksyon. Dahil sa sulat ni Pablo, na marahil ay naging napakatindi, nagbagong-loob ang mga taga-Corinto. Sinunod nila si Pablo at hinarap ang mga bumabatikos sa kanya.

tayan. 4 Malaki ang tiwala ko sa inyo, at
labis ko kayong ipinagmamalaki. Hindi
nabawasan kundi sumagana ang aking
kaaliwan at kagalakan sa gitna ng aming
kapighatiang ito.
5 Malaman ninyo na noong nasa
Macedonia kami, wala kaming pahinga.
6 Ngunit ang Diyos na umaaliw sa mga
mapagpakumbaba ang umaliw sa amin
sa pagdating ni Tito. 7 Hindi lamang dahil
pumarito siya, kundi dahil sa pagtanggap
at pag-aliw ninyo sa kanya. Nananabik
kayo sa akin, aniya, umiiyak kayo at
gusto ninyong ipagtanggol ako. Kaya lalo
akong nagalak.
8 Kung ikinalungkot ninyo ang aking
liham, hindi ako nagsisisi. At kung nagsisi
man ako – (dahil alam kong ikinalungkot
ninyo ang aking liham panandalian)
ngayon ay nagagalak ako, 9 hindi dahil sa
inyong kalungkutan kundi dahil sa
ganitong kalungkutang naghahatid sa
pagbabagong-loob. Maka-Diyos ang
kalungkutan ninyo kaya hindi namin kayo
nasaktan. 10 Kung maka-Diyos ang
kalungkutan, dala nito ang pagbabagong-
loob na patungo sa kaligtasan at pinapawi
nito ang sama ng loob. Ang makamun-
dong kalungkutan naman ay humahan-
tong sa kamatayan. 11 Tingnan ninyo ang
ibinunga sa inyo ng maka-Diyos na
kalungkutan: anong malasakit sa akin!
Anong paghingi ng tawad! Anong pag-
kagalit, pagkatakot, pananabik at pag-
hahangad na ipawalang-sala ako!
Nakikita sa inyong kilos na kayo'y wa-
lang sala sa usaping iyon. 12 Kaya hindi
dahil sa nagkasala o pinagkasalanan ang
aking sulat, kundi upang makita ninyo sa
harap ng Diyos ang inyong malasakit sa
amin. 13 Dahil dito kaya ako naaliw.
Bukod sa aming kaaliwan, natuwa pa
ako nang makita ang galak ni Tito dahil sa
pagpapanatag ninyong lahat sa kalooban
niya. 14 Ipinagmamalaki ko kayo at hindi
ninyo ako ipinahiya. Alam ninyong totoo
ang lahat ng sinabi ko sa inyo; gayon din
ang pagmamalaki ko kay Tito tungkol sa
inyo. 15 At higit pa ngayon ang pagma-
mahal niya sa inyo sa pag-alaala niya sa
inyong pagsunod; tinanggap ninyo siya
talaga nang may paggalang. 16 Nagagalak
ako pagkat lubos ko kayong mapagkaka-
tiwalaan.

**Ang abuluyan para sa mga nasa Jerusalem**

**8** • 1 Ngayon, mga kapatid, gusto
naming ibalita sa inyo ang kaloob
na grasya ng Diyos sa mga iglesya sa
Macedonia. 2 Dumanas man sila ng
matinding pagsubok, umaapaw pa rin ang
tuwa nila, at nagmumula sa kailaliman ng
karukhaan nila ang yaman ng kanilang
kagandahang-loob.
3-4 Ginusto nilang makibahagi sa tulong
sa mga banal, sa abot ng kanilang kaya
at, sa tingin ko'y, higit pa – kusang loob at
mahigpit nilang hiningi sa amin ang gras-
yang ito na maki-bahagi sa paglilingkod
sa mga banal. 5 Higit pa sa aming ina-
asahan ang paglalaan nila ng kanilang
sarili sa Panginoon at sa amin din dahil sa
kalooban ng Diyos. 6 Kaya pinakiusapan
ko si Tito na tapusin na niyang kasama
ninyo ang pinagpalang gawaing ito,

• **8**.1 *Ang mga banal* (3). Sila ang mga Kristiyano sa Jerusalem. Sa taong 48, nagkaroon ng taggutom sa Judea at Jerusalem (Gawa 11:28) dahil sa mahinang ani ng nagdaang taon na taon ng pahinga (hindi naghahasik ang mga Judio sa gayong mga taon para pagpahingahin ang lupa). Bilang lunas sa paghihikahos, tulong pangkabuhayan ang inorganisa para sa mga Kristiyanong taga-Jerusalem. At pagkatapos, ipinangako ni Pablo na isasaisip niya ang pamayanan ng Jerusalem sa pagmimisyon niya sa mga pagano (Gal 2:10). Tinatagubilinan ngayon ni Pablo ang mga iglesya sa Corinto at sa lalawigan na gawin ang kolektang ito na kanilang napagkasunduan.

Hindi ginagamit ni Pablo ang salitang *koleksyon* sa mga kabanatang ito. Sa halip, pagmamagandang-loob at pagbubukas-palad ang sinasabi niya – *ang pinagpalang paglilingkod na ito ng kagandahang-loob.* At mas *kaloob* ito sa nagbibigay kaysa tumatanggap.

Maingat na ipinaliliwanag ni Pablo na mga taong

yamang siya ang nagsimula nito sa inyo.
7 Nangunguna kayo sa lahat: pananam-
palataya, pananalita, kaalaman, mala-
sakit, at unang-una rin kayo sa aming
pagmamahal; manguna rin kayo sa
kawanggawang ito.

8 Hindi sa inuutusan ko kayo. Ipina-
aalam ko lamang sa inyo ang malasakit
ng iba upang subukin ang inyong pag-
mamahal. 9 Alam ninyo ang kagan-
dahang-loob ni Jesucristo na ating Pangi-
noon: Bagamat mayaman, nagpaka-
dukha siya para sa inyo upang yumaman
kayo sa kanyang karukhaan.

10 Ito ang payo ko: yamang kayo ang
unang nagbalak at nagsagawa nito noong
nakaraang taon, 11 tapusin na ninyo ang
masigla ninyong binalak, sa abot ng
inyong kaya. 12 Kung may kusa ang
nagbibigay, kinalulugdan ang pagbibigay
niya ng kung anong meron siya at hindi ng
wala. 13 Huwag na magaanan ang iba, at
mabigatan naman kayo. Mayroon sanang
pagkakapantay-pantay. 14 Mapunta
ngayon ang kasaganaan ninyo sa kani-
lang pangangailangan upang balang araw
ay mapunta sa pangangailangan ninyo
ang kanilang kasaganaan. Sa gayon,
magkakapare-pareho na, 15 tulad ng
nasusulat: *"Ang nagtipon nang marami
ay hindi lumabis, at ang nagtipon ng
kaunti ay hindi nagkulang."*

16 Nagpapasalamat ako sa Diyos na
pumukaw kay Tito ng pagmamalasakit sa
inyo na tulad ng sa akin. 17 Tumugon man
siya sa aking pakiusap, higit na malasakit
ang pagpunta niyang kusang-loob sa
inyo. 18 Pinasama ko sa kanya ang isang
kapatid na pinupuri ng lahat ng iglesya
ukol sa ebanghelyo. 19 Bukod diyan, siya
ang hinirang ng mga iglesya para
sumama sa aming pagdadala ng mga
kaloob na ito na pinangangasiwaan namin
sa ikaluluwalhati ng Panginoon at sa kusa
na rin namin.

20 Ganoon kami nagpasya at baka
mapulaan ang malaking abuluyang itong
pinangangasiwaan namin. 21 Gusto nga
naming makitang malinis ang lahat sa
paningin ng Panginoon, at ng mga tao rin.
22 Sinugo naming kasama nila ang isang
kapatid na napatunayan namin ang siga-
sig sa maraming pagkakataon. Lalo
siyang masikap ngayon dahil sa malaking
tiwala sa inyo.

23 Kaya heto si Tito, ang aking kasama
na katulong din para sa inyo, at ang ating
mga kapatid na sugo ng mga iglesya at
karangalan ni Kristo. 24 Kaya ipakita ninyo
sa harap ng mga Iglesya ang inyong pag-
ibig at patototohanan ang aming ipinag-
mamapuri tungkol sa inyo.

**Mga tungkol sa koleksiyon**

9 • 1 Hindi na kailangang isulat ko
pa sa inyo ang tungkol sa pagtulong
sa mga banal. 2 Alam ko ang pananabik
ninyo at ipinagmamalaki ko ito sa mga
taga-Macedonia. Sabi ko sa kanila:
"Handa na noon pang nakaraang taon
ang mga taga-Acaya." At pumukaw sa
marami ang inyong pagmamalasakit.
3 Kaya sinugo ko ang mga kapatid:
matagpuan sana nila kayong handa at
huwag ipawalangsaysay sa mga ito ang
aming pagmamalaki para sa inyo. 4 At
kung matagpuang hindi kayo handa sa
pagpunta ko diyan kasama ang mga
taga-Macedonia? Mapapahiya ako,
huwag nang sabihing pati kayo.

---

pinagkakatiwalaan ng pamayanan ang kailangang magsagawa at humawak sa koleksyon.

• **9.1** Koleksyon na naman ang pinapaksa ni Pablo na para bang wala siyang binanggit tungkol dito sa naunang kabanata. May mga nagsasabi na habang sinusulat ni Pablo ang kanyang liham sa mga taga-Corinto para anyayahan silang magbigay (kab. 8), sumusulat din siya sa mga iglesya sa Acaya na lalawigan ng Corinto. Maaaring ang sulat na ito ang siyang napasama rito dahil sa pagkakapareho ng paksa (kab. 9).

Sa 8:18, tiyak na si Lucas ang tinutukoy ni Pablo, at malamang na hindi pa niya nasusulat ang ebanghelyo (kung siya nga ang sumulat nito) pero tumutulong na siya sa mga iglesya para ipangaral ito.

5 Kaya minabuti naming pakiusapan
ang mga kapatid na mauna sa amin para
organisahin ang kaloob na inyong
naipangako. Sa gayon, lalabas itong
isang kagandahang-loob at hindi kaku-
riputan.
6 Pakinggan ninyo: Ang naghahasik ng
kaunti ay mag-aani ng kaunti, at ang
naghahasik ng marami ay mag-aani ng
sagana. 7 Kaya magbigay ang bawat isa
ayon sa ipinasya niya, huwag nang nag-
aatubili o napipilitan; mahal nga ng Diyos
ang malugod na nagbibigay. 8 Magagawa
ng Diyos na pasaganain kayo sa lahat ng
bagay upang hindi kayo magkulang sa
kahit anuman at dumami rin ang inyong
mga kawanggawa.
9 Tulad ng nasusulat: *Namudmod siya*
*at nagbigay sa mga dukha, magpa-*
*sawalang-hanggan ang kanyang kabu-*
*tihan.* 10 Nagbibigay siya ng binhi sa
maghahasik at ng tinapay na makakain,
siya ang magpaparami ng inyong binhi at
magpapalago ng anumang manggaling
sa inyong kagandahang-loob. 11 Payaya-
manin niya kayo sa lahat upang maka-
pagsagawa ng kahit anumang kawang-
gawa. At gagawin namin itong pagpa-
pasalamat sa Diyos.
12 Pagkat hindi lamang makatutugon
ang pinagpalang paglilingkod na ito sa
pangangailangan ng mga banal na kapa-
tid kundi magdudulot ng pasasalamat sa
kanya ng marami. 13 Magiging patunay sa
paningin nila ang paglilingkod na ito;
magpapasalamat sila sa Diyos dahil sa
pagtalima ninyo sa ebanghelyo ni Kristo
na inyong inaamin at dahil sa inyong ma-
buting pakikipag-isa sa kanila at sa lahat.
14 Taus-puso nila kayong ipananalangin at
mamahalin dahil sa masaganang kaloob
ng Diyos sa inyo.
15 Salamat sa Diyos dahil sa kanyang
kaloob na di-mabibigkas!

### Ang depensa at payo ni Pablo

**10** • 1 Ako, si Pablo, ang namaman-
hik sa inyo sa ngalan ni Kristo at ng
kanyang kababaang-loob at kabutihan.
Ako – ang mismong Pablo na may maba-
bang-loob daw kapag kaharap ninyo at
mabagsik naman kung malayo sa inyo.
2 Huwag kailanganing magmalupit ako
at maghamon, gaya ng balak kong pa-

• **10.**1 Hindi tugma sa pakikipagbalikang inilalahad sa sinundang kabanata ang marahas na tono sa mga kabanatang ito, kab. 10–13. Maaaring galing ang mga ito sa sulat na unang ipinadala ni Pablo pagkatapos ng nangyaring lantarang pagrerebelde laban sa kanya ng ilang kasapi sa pamayanan ng Corinto.

Sa di-pangkaraniwang pahinang ito, may ilang salita na agad na nagbibigay-linaw sa diskusyon.

Binabatikos ng ilang kasapi ng pamayanan ang awtoridad ni Pablo, at taglay nila ang suporta ng mga *hindi nakarating sa kanila.* Sino naman ang mga taong ito? Tinatawag silang mga apostol, ibig sabihi'y mga tagapagtatag ng mga pamayanan. Ngunit nagkakataon namang lagi silang dumarating *pag tapos na ng iba ang gawa.* Pinaghahambing naman ng mga tao ang mga "apostol" sa isa't isa. Hindi hinangad ni Pablo na siya'y paglingkuran, at hindi rin siya nagkunwari ng magaling magsalita o "dalubhasa sa relihiyon" kaya siguro naiisip nilang mahina siya. "Sa sulat lang siya magaling pero wala naman siyang sinabi pag narito na at nagsasalita" (10:10).

*Huwag sana akong maging matapang* (2). Apostol ng pamayanan ang tingin ni Pablo sa sarili, siya ang umakay sa kanila sa pagsampalataya at nagkaloob sa kanila ng Espiritu Santo, at di ito maikakaila ninuman.

Waring nananakot si Pablo sa pagsasalita niya tungkol sa kanyang kapangyarihan at mga sandata. Tiyak na Salita ng Diyos ang "gumigiba sa mga baluwarte." Ang Salita ng Diyos ang nagsilang sa mga pamayanang Kristiyano at nagbibigay-kapangyarihan sa kanila na manatiling buháy at nagkakaisa sa gitna ng mga oposisyon. "Kapangyarihan ng Diyos" ang ebanghelyo, at kapag buong-tapang itong ipinangangaral, bumabagsak ang mga puwersang sumasalungat dito.

Ngunit may kinalaman din ito sa kapangyarihang espirituwal ni Pablo. Maiisip natin siyempre ang paninindigan ni Pablo, ang bigat ng kanyang salita, ang pagiging malinaw ng kanyang misyon – mabigat ang dating ng lahat ng ito sa mga taga-Corinto. Likas din sa mga apostol at mga propeta ang minsa'y manakot sa ngalan ng Diyos na maliwanag na kumikilos para ipakitang tama nga sila. Alalahanin ang nangyari kina Ananias at Safira sa harap ni Pedro (Gawa 5).

Ang talagang hangad ni Pablo ay mawasak ang *pangangatwiran at pagmamalaking salungat sa pagkakilala sa Diyos.* Maaaring kumpitensya lamang ang makita rito ng iba. Ngunit alam ni Pablo kung ano

ngangahas laban sa mga nag-aakalang
makalupa lamang ang aking mga balak at
kilos. 3 Pantao nga ang aking pamumu-
hay, ngunit hindi ang aking pakikipag-
laban.
4 Hindi makalupa ang sandata ng
aming paglaban, kayat salamat sa Diyos,
malakas ang mga ito para magwasak sa
mga kuta. Sinisira namin ang bawat pa-
ngangatwiran 5 at pagmamataas na uma-
alsa laban sa kaalaman sa Diyos at binibi-
hag ang bawat isipan para pasunurin ito
kay Kristo. 6 At nakahanda akong magpa-
rusa sa bawat pagsuway pagkatapos
maging ganap ang inyong pagsunod.
7 Harapin ninyo ang katotohanan. Kung
may nag-aakala na siya'y kay Kristo,
isipin niyang ako man ay kay Kristo, tulad
niya. 8 Magmapuri man ako nang lubos sa
kapangyarihang ibinigay ng Diyos sa akin
– hindi para magwasak kundi para mag-
tayo – hindi ako mapapahiya. 9 Huwag
kayong mag-akalang sa sulat ko lamang
kayo tinatakot. 10 Sabi ng ilan: "Mabibigat
at mababagsik ang mga sulat, ngunit sa
pagharap niya, wala siyang personalidad
at walang puwersa ang salita niya."
11 Mag-isip ang mga iyon na kung ano ako
sa sulat kung malayo, gayundin ako sa
gawa kung kaharap.
12 Paano ako makapangangahas na
maghambing o magpantay ng sarili sa
mga nagrerekomenda ng kanilang sarili?
Mga tanga sila! Sinusukat nila ang sarili
ng sariling panukat at inihambing ang
sarili sa sarili mismo nila. 13 Para sa akin,
hindi ako magmamapuri nang higit sa
sukat: Diyos mismo ang nagtakda sa
amin ng sukat sa pagpapaabot niya sa
amin sa inyo.
14 Hindi namin nilampasan ang aming
karapatan sa pagpunta sa inyo na para
bang hindi kami ang unang nakarating sa
inyo. Kami ang umabot sa inyo na dala
ang Ebanghelyo ni Kristo. 15 Hindi ako
nagmamagaling sa mga pinagpaguran ng
iba. Sa halip, umaasa akong habang mas
lumalago ang inyong pananampalataya,
magiging mas malawak ang aming lugar
sa inyo nang hindi lumalampas sa aming
hangganan. 16 At dadalhin namin ang
Ebanghelyo sa ibayo pa ninyo. Hindi kami
pupunta sa teritoryo ng iba upang ipag-
malaki ang trabahong nagawa na. 17 Na-
susulat: *Sa Panginoon nawa magmapuri
ang gustong magmapuri.* 18 Sapagkat
hindi ang nagmamapuri sa sarili ang
subok kundi ang pinupuri ng Diyos.

**11** 1 Mapagtiisan sana ninyo ang
kaunti kong kahangalan! Oo,
pagtiisan ninyo ako. 2 Nadarama ko ang
pagseselos ng Diyos para sa inyo. Ipi-
nakipagkasundo ko kayo kay Kristo, na
kaisa-isang lalaki para maiharap kayo
bilang isang malinis na birhen sa kanya.
3 At ito ang aking takot. Baka ang ahas na
nagligaw kay Eba sa kanyang pandaraya
ay magpasama sa inyong mga isip at mag-
layo sa inyo sa katapatang na kay Kristo.
4 Pagkat kung sinu-sino ang dumarating at
nangangaral ng ibang Jesus na hindi namin

---

ang pinoproblema ng marami sa kanila pag dating sa kanyang pamumuno: hindi niya kinukunsinti ang kanilang pagpapagalingan kayat iminumulat niya sila sa katotohanan. Kung wala silang lakas ng loob na magpatuloy sa gayong daan, wala silang ipagkakaiba sa iba pang mga samahang panrelihiyon: wala na nga sa kanila ang daan ng pagkakilala sa Diyos.

Pagsunod ang pananampalataya (Rom 1:5), pagsunod sa aral ng Diyos. Ngunit nangangahulugan ito ng pagsunod sa pang-araw-araw na mga pangyayari sa ating buhay. Kung ginusto ng Diyos na maging Iglesya tayo, gusto rin niyang sumunod tayo sa isang herarkiya at sa isang kaayusan. Ang ganitong pagsunod ang hinihingi ni Pablo.

Ngunit tandaan natin: nakasalalay sa pagtawag ni Kristo sa kanya bilang apostol at sa ginagawa ng Espiritu sa pamamagitan niya ang karapatang ito para sundin. Sa dinami-rami ng mga nangangaral ngayon at nagmimisyon para sa kanya-kanyang simbahan, may karapatan din tayong magtanong kung sino bang talaga ang nagsugo sa kanila. Alalahanin din natin na wala itong kinalaman sa paggigiit ni Pablo ng kanyang kapangyarihan sa pamayanang ito o sa ilan sa kanila dahil umalis na nga siya para mag-ebanghelyo sa ibang lugar (15-16).

ipinangaral, o nag-aalok sa inyo ng ibang espiritung hindi ninyo tinanggap, o ng ebanghelyong iba sa inyong taglay – at tinatanggap naman ninyo.
[5] Ngunit sa palagay ko, hindi ako nahuhuli sa mga dakilang apostol na 'yan. [6] Karaniwan man ang aking pananalita, hindi ganoon ang aking kaalaman; lagi at sa lahat, ipinakita namin ito sa inyo.

**Pinuri ni Pablo si Pablong apostol**

• [7] Pagkakamali ko bang ibaba ko ang aking sarili para maitaas kayo at ipangaral sa inyong walang bayad ang ebanghelyo ng Diyos? [8] Para kong sinamsaman ang ibang mga iglesya at tinustusan nila ako upang makapaglingkod sa inyo. [9] Habang nasa inyo ako, wala akong pinahirapan nang nangangailangan ako. Mga kapatid na galing sa Macedonia ang tumustos sa aking mga pangangailangan. Iningatan kong huwag maging pabigat sa inyo, at iingatan ko pa. [10] Sa katotohanan ni Kristo, walang makapag-aalis sa aking ipinagmamapuring ito sa buong Acaya.
[11] Bakit ganito? Dahil ba sa hindi ko kayo mahal? Alam ng Diyos na mahal ko kayo. [12] Ngunit patuloy kong gagawin ang ganoon para hindi magkaroon ng pagkakataon ang mga naghahangad pumantay sa amin sa dakilang bagay na ito na aking ipinagmamalaki. [13] Mga bulaang apostol ang mga iyon, mga mandarayang manggagawa na nagkukunwang mga apostol ni Kristo. [14] Hindi talaga katakataka. Hindi ba nagkukunwang anghel ng kaliwanagan si Satanas? [15] Kaya hindi kataka-taka kung magkunwang lingkod ng kabanalan ang mga lingkod niya. Ngunit tatanggapin nila sa wakas ang karapat-dapat sa kanilang mga gawa.
[16] Inuulit ko: huwag ninyong ituring akong hangal. Ngunit kung iyon ang palagay ninyo, makapagmamapuri naman ako nang kaunti. [17] Hindi na ako magpapakitang karapat-dapat sa Panginoon kundi parang isang hangal at ipagtatanggol ko ang aking ipinagmamalaki. [18] Kung nagmamapuri ang iba, magmamapuri rin ako. [19] Sa kabutihang-palad, malugod ninyong pinagtitiisan ang mga hangal sa kabila ng inyong karunungan. [20] Natitiis ninyong kayo'y alipinin, lapain, agawan, pagyabangan at sampalin. [21] Napapahiya talaga ako: naging masyadong mabait ako sa inyo!
Ngunit kung nangangahas ang iba, dapat ding mangahas ako – nagsasalita ako bilang hangal. [22] Hebreo ba sila? Ako rin. Israelita ba sila? Ako rin. Lahi ba sila ni Abraham? Ako rin. [23] Mga lingkod ba sila ni Kristo? (Nagsasalita akong parang hangal) higit pa ako sa kanila.

---

• **11.7.** Sa mga kabanata 11 at 12, ihahambing ni Pablo ang kanyang sarili sa "mga apostol" na nakahuli sa loob ng mga taga-Corinto at silang inaasahan ng kanyang mga katunggali. Hangad ni Pablo na maging patas ang usapan: alam niya kung sino siya, kaya niya silang hatulan. Mapanganib na pusisyon ito kahit na sa isang taong naniniwalang tunay siyang kinakasihan ng Diyos! Pero basahin ang 1 Cor 2:14-15.

Nagsisimula si Pablo sa katiyakan niyang si Kristo mismo ang tumawag sa kanya. Sa pakikipagkasunduang ito kay Jesus na nabuhay, naranasan niyang binabago siya ng pamamalagi ni Kristo sa kanyang buhay. Alam niyang higit pa sa kanyang mga katunggali ang kanyang mga pamantayan, ang kanyang mga pasya, ang kanyang kutob at pananaw bilang propeta. At dahil nasa mas mataas na antas nga siya ng buhay sa Espiritu, nararamdaman niyang malaya siya sa "mga obligasyon ng relihiyon" na pinahahalagahan naman, at kung minsa'y inuuna pa, ng kanyang mga katunggali. Ihambing ang talataang 11:4-6 sa Gal 2:6-10 at 5:7-12; basahin din ang 1 Tes 3:2-11.

Ang pagkakakapit nilang ito sa pagsunod sa Batas ng mga Judio ay hindi nagmumula sa naiiba at lehitimong pananaw sa mga bagay na may kinalaman sa pananampalataya. Ito ang kanilang pinanghahawakan dahil sa mismong buhay nila'y hindi pa nila nadidiskubre ang pinakamaganda sa karanasang Kristiyano. Naipakita na ni Jesus, halimbawa'y sa mga Pariseo, na sa kakulangan ng tunay na pagsampalataya nagmumula ang istriktong pagsunod sa mga rituwal ng relihiyon (Mc 7:6). Nagugulat ang mga "relihiyoso" sa mga taong may karanasan sa buhay sa Espiritu gayong wala namang hangad ang mga ito na mabigla ang iba sa kanila. At ganito ang nangyari kay Pablo sa Iglesya.

Sinasabi ni Pablo sa 11:22-30 ang dinanas niyang mga paghihirap, pakikipagsapalaran at pag-uusig. Hindi niya ginagawa ang mga ito para magmagaling

Higit na lingkod ako ni Kristo sa mga
pagpapagod. Higit din sa mga pagka-
bilanggo, lalong higit sa mga hampas, at
malimit na nabingit sa kamatayan.
24 Limang beses akong hinagupit ng mga
Judio ng tatlumpu't siyam na hampas.
25 Tatlong beses akong pinalo at minsang
binato. Tatlong beses nawasak ang
barkong aking sinasakyan, at maghapo't
magdamag ako sa gitna ng dagat.
26 Malimit akong maglakbay at mara-
ming panganib sa mga ilog, panganib sa
mga tulisan, sa aking mga kababayan, sa
mga di-Judio. Mga panganib sa lunsod,
mga panganib sa ilang, mga panganib sa
dagat, mga panganib sa mga huwad na
kapatid. 27 Pagod at hirap, maraming
gabing walang tulog, gutom at uhaw.
Madalas akong mag-ayuno at mahirapan
sa kalamigang walang kanlungan.
28 Bukod sa lahat ng iba pa, ang araw-
araw na pasanin ko, ang pag-aalaala sa
lahat ng Iglesya. 29 Sino ang nag-uulik-
ulik at di rin ako nanghihina? Sino ang
natitisod at di ako nagagalit?
30 Kung kailangang magmapuri, ang
aking mga kahinaan ang aking ipagma-
mapuri. 31 Alam ng Diyos na Ama ng ating
Panginoong Jesus – mapupuri siyang
walang hanggan! – alam niyang hindi ako
nagsisinungaling. 32 Noong nasa Damas-
co ako, ang gobernador na sakop ni
Haring Areta ay ipinasara ang lunsod para
hulihin ako. 33 At tumakas ako sa bintana
at ibinaba sa isang basket sa kabila ng
pader.

**Natatanging mga grasya**

**12** • 1 Kailangan bang magmapuri?
Walang silbi talaga ito, ngunit
dadako ako sa mga pangitain at mga
pagbubunyag ng Panginoon.
2 Alam ko ang sumapit sa isang
Kristiyano, may labing-apat na taon na
ang nakaraan. Kinuha siya at dinala sa
ikatlong langit; kung sa katawan o
hiwalay sa katawan, hindi ko alam, ang
Diyos ang nakaaalam. 3 Subalit alam
kong ang taong ito – kung sa katawan o
hiwalay sa katawan, hindi ko alam, ang

---

kundi para ipakita sa iba at paalalahanan ang sarili na binigyan siya ng natatanging biyaya. Tinatawag ang lahat na sumunod kay Jesus at pasanin ang kanyang krus, tinatawag ang lahat sa pag-eebanghelyo. Pero bakit napakakaunti ang talagang nag-eebanghelyo sa "mga nasa malayo" tulad ng ginawa nina Jesus at Pablo? Grasya ito mismo, at hindi namamalayan ng mga hindi tumanggap nito ang mga pagtawag kayat pinalalampas nila ang mga pagkakataon. Hangad ni Pablo na manatiling walang katulad, hindi sa pagmamapuri kundi sa katapatan sa daang pinaglagyan sa kanya ni Kristo.

*APOSTOLADO AT KONTEMPLASYON*

• **12.1** Sandaling binabanggit dito ni Pablo ang kanyang mga ekstasi na bumago sa kanya. Hindi malinaw para sa marami kung ano ang ibig sabihin ng salitang "ekstasi." Dalawang bagay ang karaniwan nilang naiisip pagkarinig sa salitang ito: ang "ekstasi" ng mga banal at ang sinasabing "ekstasi" sa seks. Magkaiba nga ang dalawang kahulugang ito.

Iniisip din ng iba na para lamang sa mga nagsasadiyos sa pagiging kontemplatibo ang ekstasi. May kinalaman nga ang ekstasi sa buhay-kontemplatibo. Pero ano ang ibig sabihin nito?

Paglayo at pamumuhay nang hiwalay sa mundo ang karaniwang ibig sabihin ng pagiging kontemplatibo – sila ang mga mongha at monghe, at ang iba pa sa Iglesya na may gayon ding paraan ng pamumuhay. Ngunit hindi lamang para sa kanila ang sinasabi nating "kontemplasyon" na nagpapaging-"kontemplatibo" sa isang tao.

Ang panahong iniuukol natin sa meditasyon o pagninilay sa Diyos at ang pagkadiskubre sa pamamalagi niya sa ating buhay ang karaniwang tinutukoy ng "kontemplasyon." Sa ganitong kahulugan, magkasalungat ang kontemplasyon at pagkilos kayat sinasabi nating magkasama dapat ang dalawang ito. Ngunit isang bagong yugto rin sa buhay-espirituwal ang isa pang kahulugan ng salitang "kontemplasyon." Sa yugtong ito lubos na nababago ang relasyon ng ating espiritu sa Diyos.

Sa kontemplasyon, hindi tayo ang nakakadiskubre sa Diyos o tayo ang namamalagi sa katahimikan. Ang Diyos ang siya mismong dumarating at humahagip sa atin; at sa pamamalagi niya sa ating sarili, sa kanya bumubukal ang mismong pagtugon natin sa kanya. Regalo ng Diyos ang kontemplasyon, paraan ito ng pagkilala sa Diyos, ng paggabay niya sa atin, dito niya tayo muling hinuhubog. At kaiba ito sa nararanasan ng karamihan. Sa pagkakataong ito'y mas mabisa ang pagkilos ng Espiritu na siyang bumabago at nakapangyayari, at laging naghahatid sa iisang hantungan: hindi na para sa kanyang sarili ang tao.

Diyos ang nakaaalam – [4]ay dinala sa
Paraiso. May narinig siya roong mga
salitang di masasaad, na di masasabi ng
sinumang tao.

[5]Ipagmamapuri ko ang taong iyon,
hindi ang aking sarili. Mas gusto kong
ipagmalaki ang aking mga kahinaan.
[6]Magmapuri man ako, hindi ako magi-
ging hangal pagkat katotohanan ang
sasabihin ko. [7]Ngunit nagpipigil ako at
baka magpahalaga sa akin ang sinuman
nang higit pa sa nakikita o nababalitaan
niya tungkol sa akin. Napakadakila ng
mga pagbubunyag na iyon. Kaya para
huwag akong magmalaki, binigyan ako
ng tinik sa laman, isang mensahero ni
Satanas, para sampalin ako – baka mag-
malaki ako. [8]Tatlong beses kong idinala-
ngin sa Panginoon na alisin ito sa akin.
[9]Ngunit sinabi niya sa akin: “Sapat na sa
iyo ang biyaya ko; gumaganap nga sa
kahinaan ang bisa ng aking kapang-
yarihan.”

Kaya buong galak kong ipagmamapuri
ang aking mga kahinaan para kanlungan
ako ng kapangyarihan ni Kristo. [10]At
nagagalak ako tuwinang ako'y mahina at
hinahamak at nangangailangan at inuusig
at nababalisa dahil kay Kristo. Pagkat
kung kailan ako mahina, saka ako mala-
kas.

[11]Nag-ugaling hangal ako, ngunit
pinilit ninyo ako. Dapat ninyo akong
purihin yamang hindi ako nahuhuli sa
mga dakilang apostol na 'yon (bagaman
bale-wala ako.) [12]Sa akin nakikita ang
mga palatandaan ng isang apostol: ganap
na pagtitiis, pagtupad sa mga tanda,
kababalaghan at himala. [13]May pakiki-
tungo ba ako sa ibang iglesya na hindi ko
rin ginawa sa inyo? Wala, liban sa hindi
ako naging pabigat sa inyo. Patawarin ako
sa kawalang-katarungang iyon!

**Ikatlong pagdalaw ko ito sa inyo**

• [14]Ngayon, handa na akong pumunta
sa inyo sa ikatlong beses at hindi ako
magiging pasanin para sa inyo. Hindi ang
mga sa inyo ang aking hinahanap kundi
kayo mismo, pagkat hindi katungkulan
ng mga bata ang mag-impok para sa mga
magulang, kundi ng mga magulang para
sa mga anak. [15]At buong galak akong
gumasta at gagastahin ko rin ang aking
sarili alang-alang sa inyo. Kung ganito
kalaki ang pagmamahal ko, babawasan
ba ninyo ang pagmamahal sa akin?

[16]Sige. Hindi nga ako naging pasanin
para sa inyo. Ngunit baka naman tuso ako
at tila nililinlang ko pa kayo. [17]Sagutin
ninyo ako: Sinamantala ko ba kayo sa
tulong ng sinumang sinugo ko sa inyo?

---

Maaari ngang ipagkaloob ng Diyos ang kontemplasyong ito sa mga pumasok sa kumbento sa pagtugon nila sa tawag ng Diyos. Puwede rin naman itong ibigay sa mga nabubuhay nang karaniwan tulad ng marami. At ibinibigay rin ito sa mga apostol. Kaiba sa meditasyong transendental at mga pagninilay na galing sa Silangan, hindi natin ito maaabot sa sarili nating pagsisikap. Wala rin ito sa pamumuhay nang aktibo o kontemplatibo. Sapagkat ang pagmamay-ari ng Diyos sa ating kalayaan ang pinakapuso nito (basahin ang Jer 1:5).

Kung si Pablo nga ang apostol na nakilala natin, kung nagkaroon nga siya ng ekstra-ordinaryong pagkaunawa sa misteryo ng buhay-Kristiyano – ang lahat ng ito'y dahil sa pagiging kontemplatibo niya, ayon sa katatapos pa lamang nating ipaliwanag. Ang mga ekstasi sa mga unang taon pagkatapos ng kanyang kumbersyon (basahin ang Gawa 22:6 at 17) ang kanyang tinutukoy. Bagay ang mga ito sa mas mataas na antas ng buhay-kontemplatibo, pero hindi pa ito ang pinakamataas kundi ang ganap at walang-tigil na pakikipagbuklod sa Diyos.

*Binigyan ako ng tinik sa laman.* May iba't ibang palagay tungkol sa *tinik* na ito. Isang uri kaya ito ng sakit (2 Cor 1:8; Gal 4:13) na pabalik-balik at lubos na nagpapahina sa kanya? O baka tukso ng “laman,” na bunga ng pagpapalaki sa kanya sa mahigpit at istriktong pamumuhay ayon sa Batas? Ang tiyak nati'y hangad ng bawat isa sa atin na magkaroon ng kapanatagan ng loob at katiyakan sa sarili. Ngunit sa kabila ng masaganang biyaya ng Diyos, tumatanggi pa rin siyang ipagkaloob ito (1 Cor 2:5; 4:7).

• 14. Nagtatapos si Pablo sa pagsasabing may awtoridad siya. Nangusap si Jesus tungkol sa patunay na nagmumula sa mga apostol at sa Espiritu Santo. Gayon din naman, winawakasan ni Pablo ang kanyang pagtatanggol sa pagsasabing kailangan ang “pagkilatis” na gawa ng Espiritu: *patunayan, siyasatin, kilalanin.* Ganito rin sa Iglesya at sa anumang pagka-

18 Pinakiusapan ko si Tito na pumunta at
pinasama ko sa kanya ang isang kapatid.
Sinamantala ba kayo ni Tito? Hindi ba sa
iisang espiritu at iisang panuntunan kami
kumikilos?
19 Baka muli ninyong akalain na ipi-
nagtatanggol namin ang aming sarili? Sa
harap ng Diyos talaga at ayon kay Kristo
kami nagsasalita. At lahat ng ito, mga
minamahal, ay sa ikatitibay ninyo. 20 Na-
ngangamba akong baka pagdating ko'y
hindi ko kayo matagpuang gaya ng ibig
ko, o matagpuan ninyo akong gaya ng
ibig ninyo. Baka may kagalitan, selos,
alitan, pagtatalo, siraang-puri, tsismis,
pagmamalaki at kaguluhan. 21 At baka
pagdating ko uli ay hiyain ako ng Diyos
dahil sa inyo at mapilitan akong mana-
ngis dahil sa mga nagkakasala noong
una na hindi pa tinatalikdan ang gina-
gawa nilang karumihan, pakikiapid, at
kahalayan.

**13** 1 Ito ang magiging pangatlong
pagdalaw ko sa inyo. *Mahahatulan
ang anumang usapin sa pahayag ng da-
lawa o tatlong saksi.* 2 Binalaan ko ang
dating nagkasala at ang mga iba pa, at
malayo pa'y binabalaan ko na sila tulad
ng ginawa ko sa harap ninyo noong ika-
lawang punta ko: kapag kinailangan pa
akong bumalik, magiging walang awa na
ako. 3 Gusto ba ninyong patunayan kung
si Kristo nga ang nagsasalita sa bibig ko?
Puwes, mapapatunayan nga ninyo. Hindi
siya mahina sa pakikitungo sa inyo, kundi
makapangyarihan. 4 Ipinako siya sa krus
dahil sa kahinaan niya ngunit ngayo'y
nabubuhay dahil sa kapangyarihan ng
Diyos. Gayon din mahina kaming kasama
niya ngunit ipakikita ng Diyos sa inyo ang
kanyang kapangyarihan at bubuhayin
niya kaming kasama niya.
5 Siyasatin ninyo ang inyong sarili.
Masasabi ba ninyong nasa inyo si Kristo
Jesus? Kung hindi, hindi kayo nakapasa
sa pag-subok. 6 Umaasa akong kikilalanin
ninyo na hindi kami bumagsak.
7 Idinadalangin namin sa Diyos na
huwag kayong makagawa ng masama.
Hindi upang lumabas kaming mata-
gumpay. Mas gusto naming gawin ninyo
ang mabuti kahit na lumabas kaming
walang silbi. 8 Pagkat wala kaming kaka-
yahan laban sa katotohanan, kundi para
lamang sa katotohanan. 9 Nagagalak
kami kung mahina kami at kayo nama'y
malalakas. Maging ganap sana kayo: ito
ang aming dalangin. 10 Ito ang dahilan
kaya sumusulat ako nang malayo upang
huwag kumilos nang mahigpit sa piling
ninyo sa paggamit ng kapangyarihang
ibinigay sa akin ng Panginoon para
magpatibay, hindi para magwasak.
11 Sa wakas, mga kapatid, magalak
kayo. Sikapin ninyong maging ganap, at
mag-aliw-aliw kayo. Magkaisa sana kayo
sa iisang diwa at mamuhay na mapayapa,
at sasainyo ang Diyos ng pag-ibig at
kapayapaan. 12 Magbatian kayo ng banal
na halik. Binabati kayo ng lahat ng
banal.
13 Sumainyo ang kagandahang-loob ng
Panginoong Jesucristo, ang pag-ibig ng
Diyos at ang pakikisama ng Espiritu
Santo.

---

kataon: hindi natin malulutas ang anumang problema o mapagpapasyahan ang anumang direksyon sa pamamagitan lamang ng mga pagtatalo o pagbobotohan. Bukod sa repleksyon, kailangang magkaroon tayo ng panahon para tumahimik, tunay na manalangin at makinig sa salita ng Diyos.

Pansinin ang pagwawakas sa ngalan ng tatlong persona ng Diyos sa 13:13.